

WORLD WAR II FILIPINO VETERANS EQUITY COMPENSATION (FVEC) FUND

Ipinatupad ng American Recovery and Reinvestment Act ang isahan at buong kabayaran para sa mga kwalipikadong Pilipinong beterano ng World War II (Ikalawang Digmaang Pandaigdig). Ang itinakdang *deadline* para mag-apply ng benepisyong ito ay ilalim ng Filipino Veterans Equity Compensation (FVEC) ay natapos noong Pebrero 16, 2010.

Q: Sino ang maaaring makatanggap ng isahan at buong kabayaran?

Mga beteranong nagsilbi bago mag Hulyo 1, 1946 sa inorganisang hukbong sandatahan ng Pamahalaang Commonwealth ng Pilipinas, habang ang nasabing pwersa ay nasa ilalim ng serbisyo ng Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos (Armed Forces of the United States);

Miyembro ng pwersa ng organisadong *gerilya* sa ilalim ng pamumuno na tinakda, itinalaga o kalaunan ay kinilala ng Commander in Chief ng Southwest Pacific Area, o ng iba pang may kinikilalang awtoridad sa ilalim ng Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos (Armed Forces of the United States);

Mga taong nanilbihan sa Philippine Scouts sa ilalim ng Section 14 ng *Armed Forces Voluntary Recruitment Act of 1945*.

Q: Saan ako maaaring mag-apply?

Ang itinakdang *deadline* ay natapos na kung kaya't hindi na tumatanggap ang VA ng mga aplikasyon.

Q: Paano ko malalaman kung pinoproseso pa ng VA ang aking aplikasyon?

Ang VA ay nagpapadala ng mga liham sa mga aplikante na may kasalukuyang *claim* sa ilalim ng FVEC. Ang bawat aplikante ay inaabisuhan sa pamamagitan ng liham na naglalaman ng pinal na desisyon ng VA.

Q: Magkano ang matatanggap ko?

Ang mga kwalipikadong beterano na *hindi* mamamayan ng Estados Unidos ng Amerika ay makatanggap ng \$9,000. Ang mga kwalipikadong beterano na mamamayan ng Estados Unidos ng Amerika ay makatanggap ng \$15,000.

Q: Ako ay isang mamamayan ng Estados Unidos subalit naninirahan sa Pilipinas. Makakaapekto ba ito sa aking matatanggap?

Hindi. Ang halaga ng benepisyong ito para sa mga kwalipikadong beterano ay naaayon sa nasyonalidad o pagkamamamayan at hindi sa kasalukuyang tirahan.

Q: Ang asawa ko ay yumao bago ang batas na nagpapatupad ng isahang kabayaran ay naipasa. Maaari ko bang matanggap ang benepisyong ito bilang naiwang asawa ng beterano?

Hindi. Tanging mga beterano lamang ang kwalipikadong mag-apply.

Q: Ang aking nasirang ama ay beterano na nanilbihan noong WW II. Maaari ko bang matanggap ang benepisyong ito bilang anak?

WORLD WAR II FILIPINO VETERANS EQUITY COMPENSATION (FVEC) FUND

Hindi. Tanging mga beterano lamang ang kwalipikadong mag-apply.

Q: Ang aking asawa ay nakapag-sumite ng aplikasyon subalit namatay bago matanggap ang benepisyong ito. Maaari ko bang matanggap ang kabayaranang ito?

Oo. Kung ang isang kwalipikadong beterano ay nakapagsumite ng kanyang claim bago natapos ang *deadline*, ang kanyang naiwang asawa ay maaaring tumanggap ng benepisyong ito.

Q: Ang asawa ko ay isang mamamayan ng Estados Unidos na nakapagsumite ng aplikasyon subalit namatay bago matanggap ang bayad. Hindi ako mamamayan ng Estados Unidos. Maaari ko bang matanggap ang halagang \$15,000 na dapat sana ay para sa kanya?

Oo. Ang halaga ng kabayaran ay nakaayon sa nasyonalidad o pagkamamamayan ng kwalipikadong beterano at hindi ng naiwang asawa.

Q: Ang pagtanggap ba ng benepisyong ito ay maaaring makaapekto o makabawas sa anumang tulong o benepisyong ng gobyerno ng Amerika na aking tinatanggap?

Hindi. Ito ay karagdagang benepisyong sa mga kwalipikadong beterano ng WW II. Hindi nito mababago o maaapektuhan ang anumang benepisyong na tinatanggap ng isang indibidwal mula sa anumang programang pederal o programang tinutulungan ng gobyernong pederal.

Q: Kailan ko matatanggap ang kabayaran?

Ang VA ay masusing sinusuri at pinagsusumikapang mabigyan ng aksyon ang mga *claims* o aplikasyon batay sa petsa ng pagkakatanggap ng mga ito. Dahil sa ang bawat *claim* o aplikasyon ay dinedesisyunan ng naaayon sa kanyang merito at ang mga ebidensya na kailangan ay magkakaiba, ang aktwal na resolusyon ng bawat *claim* o aplikasyon ay hindi palaging ayon sa pagkakatanggap ng mga ito. Kung ang lahat ng ebidensyang kailangan ay natanggap na, ito ay dedesisyunan at kung nararapat ng bayaran, ang proseso ng pagbabayad ay gagawin sa mabilis na paraan. Ipapaalam ng VA ang desisyon sa bawat aplikante o *claimant* sa pamamagitan ng liham.

Q: Ano ang ginagawa ng VA upang mapabilis ang pag-proseso ng FVEC claims gayung ang mga aplikante ay pawing matatanda na?

Ang lahat ng FVEC claims ay pino-proseso sa isang VA location, sa Regional Office sa Manila, Philippines. Ang regulasyon ng VA ay nagsasaad na ang lahat ng *claims* sa VA na galing sa mga Pilipinong beterano ng WW II ay dapat na i-proseso sa Manila Regional Office dahil sa kanilang angking kagalingan sa serbisyo ng mga Pilipinong beterano ng WW II, sa lenggwahe ng Wikang Pilipino, at dahil sa pangangalaga ng opisina ng ito ng makasaysayang WW II records na kinakailangan para sa tamang pag-desisyon. Ang Manila Regional Office ay naglaan ng 19 na empleyado na nagtatrabaho ng lubos o *full-time* para i-proseso ang FVEC claims. Ang mga empleyadong ito ay tumutulong din upang mapadali ang mga apela na may kaugnayan sa FVEC. Ang Manila Office ay dinadagdagan pa ng 19 na empleyadong ito kung kinakailangan. Ang

WORLD WAR II FILIPINO VETERANS EQUITY COMPENSATION (FVEC) FUND

VA ay tumanggap ng mahigit 42,000 na claims para sa benepisyong FVEC at humigit-kumulang 5,500 na lamang ang natitira sa kasalukuyan, July 2010.

Q: Aking napag-alaman na ang VA ay gumagamit ng listahan na galing sa Missouri upang magpasya ng kwalipikasyon para sa benepisyong ito. Paano ko malalaman kung ang aking pangalan ay nasa listahang ito?

Walang master "list" ng mga beteranong kwalipikado para dito o kahit sa ano pa mang benepisyo ng VA. Kadalasan, ang listahang ito ay inuugnay sa isang serye ng *Recognized Guerrilla Rosters* na naglalaman ng mga pangalan nila. Ang roster ay walang impormasyon tungkol sa United States Armed Forces Far East (USAFFE) o "Commonwealth Army" units, o kahit na anumang impormasyon tungkol sa New Philippine Scouts units. Ang proseso ng VA para magpasya ng kwalipikasyon para sa mga kinilalang gerilya ay hindi ibinabatay sa impormasyong makikita sa kopya ng *Guerrilla Rosters*. Ang VA ay nagtutungo sa National Personnel Records Center (NPRC) upang kanilang beripikahin ang serbisyo kung sakali man ang pangalan ng aplikante ay nakasulat sa kanilang kopya ng rosters o hindi. Napag-alaman din ng VA mula sa ilang *stakeholders* na marami sa mga Pilipinong beterano ng WW II ay natakot na ilagay ang kanilang pangalan sa listahang ito, o sila ay pinigilan ng Estados Unidos dahil sa takot sa mga Hapon na makuha ang listahang ito at sila ay gantihan. Sa katunayan, ang Recognized Guerrilla Rosters ay hindi nakalap o nalipon hanggang sa pagkatapos ng WW II.

Q: Ang Estados Unidos ay mayroong 18,000 mga pangalan sa kanilang listahan ng mga beteranong kwalipikado para sa isahang kabayaran. Ang lahat ba ng 18,000 na ito ay nag-apply?

Walang master "list" ng mga beteranong kwalipikado. Ilang taon bago ipinasang batas ang probisyon ng FVEC, ang Kongreso ng Estados Unidos, ang Embahada ng Pilipinas sa Washington, DC at iba pa ay nag-estima na mayroong pang humigit-kumulang na 18,000 nabubuhay na mga Pilipinong beterano ng WWII, na tinukoy ng VA. Ang pagtanya o estimasyon ay ibinatay sa bilang, hindi sa listahan ng mga pangalan, kaya imposible na matiyak kung ang lahat ay nag-apply sa kadahilanang ang mga kwalipikadong beterano ay hindi kilala. Ang VA ay tumanggap ng 42,000 na aplikasyon para sa benepisyong FVEC at sa kasalukuyan ay may nakita ng mahigit 16,000 na kwalipikado.

Q: Ano ang proseso ng *loyalty*?

Ang bawat kahilingan para sa benepisyo ay nangangailangan ng *loyalty clearance*. Ang pangangailangan na ito ay itinakda na magmula pa ng ang VA ay nagsimulang magbigay ng ilang benepisyo para sa mga Pilipinong beterano ng WW II. Ito ay hindi bagong *requirement* na pinairal sa mga aplikante ng FVEC. Upang matiyak ang *loyalty* ng isang tao, ang VA ay kailangang maghanap sa kanilang mga record kung ang isang indibidwal ay nakipagsabwatan sa mga kaaway. Kung ang isang indibidwal ay nakilala o natukoy na nakipagtulungan sa mga Hapon upang maisulong ang kanilang mga adhikaing pandigmaan, ang VA ay kinakailangang mangalap ng karagdagang impormasyon para patunayan kung ang indibidwal na ito ay kasangkot o hindi kasangkot sa pagtulong sa mga Hapon. Upang malunasan ang anumang maaaring

WORLD WAR II FILIPINO VETERANS EQUITY COMPENSATION (FVEC) FUND

hindi pagkakayon ng mga sinasabi o pangyayari, ang mga beterano ay pinadadalhan ng sulat na humihingi ng karagdagang impormasyon. Ang isang beterano ay kailangang kumpletuhin ang VA Form 21-4169 (Supplement for Philippine Claims). Ginagamit ng VA ang ebidensyang ito upang madesisyunan kung ang loyalty ng beterano ay maaaring mabigyan ng *clearance*.

Q: Paano kung hindi ako sumang-ayon sa inyong desisyon?

Kung ang isang indibidwal ay hindi sumasang-ayon sa naging desisyon na ibinigay sa kanya, siya ay maaaring magsumite ng tinatawag naming *Notice of Disagreement (NOD)*. Ang *NOD* ay isang sulat lamang na nagsasabing hindi siya sumasang-ayon sa desisyon ng VA. Ang *NOD* ay kailangan maisumite sa loob ng isang taon mula sa petsa ng desisyon ng VA. Maaari kayong tulungan ng kahit na ano mang VA Regional Office sa paghahanda ng *NOD*.

Q: Paano kung hindi naaprubahan ang aking aplikasyon sa kadahilanang hindi maberipika ng National Personnel Records Center (NPRC) ang aking serbisyong pang-militar?

Maaari nyo muling buksan ang inyong claim sa pamamagitan ng pagsumite ng karagdagang ebidensya, o maaari din kayong magsumite ng *notice of disagreement (NOD)*.

Q: Aking napag-alaman na ang mga records ay natupok ng sunog noong 1973, ito ba ay totoo?

May isang malaking pagkalat ng maling impormasyon tungkol sa sunog noong 1973 sa National Personnel Records Center (NPRC)). Ang sunog noong 1973 sa NPRC ay hindi naka-apekto sa records ng mga *Commonwealth Army Veterans or Recognized Guerrillas*. Ang ilang records ng *New Philippine Scouts* ay napinsala o nasira sa sunog, subalit sa kadalasan ang Service Department ay nabeberipika ang *New Philippine Scouts* service gamit ang alternatibong paraan.

Q: May mga dokumento ba akong maaaring isumite na makakatulong sa VA para maberipika ang aking serbisyo?

Kung ang inyong *claim* ay hindi naaprubahan sa kadahilanang ang NPRC ay hindi maberipika ang inyong serbisyo militar, aming tatanunging muli ang NPRC na suriing muli ang kanilang desisyon kung kayo ay makakapagsumite ng kahit na alin sa mga sumusunod na mga dokumento:

Para sa mga nagki-claim ng *Guerrilla* service, maaari kayong magsumite ng kopya ng AGO Form 23 (Affidavit for Philippine Army Personnel). Maaari nyong makuha ang dokumentong ito mula sa:

The Adjutant General
Chief, Noncurrent Records Division
GHQ, AFP Camp Aguinaldo
1110 Quezon City

WORLD WAR II FILIPINO VETERANS EQUITY COMPENSATION (FVEC) FUND

Para sa mga nagki-claim ng *USAFFE* service, ang mga sumusunod na dokumentasyon ay maaaring makatulong:

- Troop rosters from 1941 or 1942
- General or special orders dated 1941 or 1942 showing assignment, transfer or promotion
- Record of enlistment in 1941 or 1942
- Receipt of soldiers deposit in 1941 or 1942
- Orders calling reservist to duty in 1941 or 1942
- Original service records including medical records etc.
- Guarantor's receipt for a released POW.

Q: Bakit hindi na lang gamitin ng VA ang records na aking naisumite para beripikahin ang aking serbisyo?

Ang regulasyon ng VA ay nagpapahintulot sa amin na tanggapin ang mga ebidensya ng serbisyo na isinumite ng aplikante katulad ng DD214, WD AGO Form 53-55, Certificate of Release or Discharge from Active duty or Original Certificate of Discharge lamang kung ito ay nanggaling o inilabas ng service department (National Personnel Records Center para sa Commonwealth Army at Recognized guerrillas). Ang isang kopya ay maaaring tanggapin lamang kung ito ay kopya na nanggaling o inilabas ng tagapangalaga o *custodian* ng pampublikong rekord na kanyang pinatunayan na ito ay totoo at eksaktong kopya ng orihinal na dokumento ng service department (NPRC) na nasa kanilang pangangalaga o, ang kopya ay isinumite ng isang tao na matagumpay na natapos ang itinakda ng VA na pagsasanay sa mga military records na ito ay totoo at eksaktong kopya, o orihinal, o kopya na inilabas ng service department; at ang dokumento ay naglalaman ng mga kinakailangang impormasyon tungkol sa haba, oras, at karakter ng serbisyo; at kung sa opinyon ng Department of Veterans Affairs ang dokumento ay tunay o totoo at ang mga impormasyon nakapaloob dito ay tumpak o tama.

Kung ang mga dokumento bilang ebidensya ay hindi tumutugon sa mga pangangailangan na nabanggit sa itaas, ang VA ay kinakailangang gawin ang beripikasyon mula sa service department (NPRC).

Q: Paano ako makikipaug-ugnayan sa VA?

Ang mga beteranong naninirahan sa Pilipinas ay maaaring tumawag sa Manila VA Regional Office sa telepono (632) 528-2500 or toll free sa 1-800-1888-5252. Ang mga beteranong naninirahan sa Estados Unidos ay maaaring tumawag sa VA sa telepono bilang 1-800-827-1000. Lahat ng beterano, kahit saan man sila nakatira, ay maaari ring makakontak sa VA sa pamamagitan ng email gamit ang website na ito:

<https://iris.va.gov/>